JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 6

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan – Modyul 8:
## Naisakikilos ang Pagtupad sa mga Batas Pambansa at Pandaigdigan



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________



## Alamin

Magandang araw mag-aaral!

Ang mga batas at patakarang ginagawa ng tao ay para rin sa ikabubuti ng tao. Ito ay isang katotohanan na dapat nating inaalala sa mga pagkakataong tila tayo ay natutuksong hindi sumunod sa batas at patakaran.

Gayundin naman, ang pagsunod sa batas at patakaran ay masasabing daan tungo sa ating pag-unlad.

Bukod pa rito, makatutulong din sa pagkakaroon ng kapayapaan at kaayusan ang pagsunod sa batas ng mga mamamayan, dahil kapag walang sumusuway sa batas, payapa ang pamumuhay ng bawat isa.

Ang sumusunod na mga layunin ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Lumalahok sa mga kampanya at programa para sa pagpapatupad ng batas tulad ng pagbabawal sa paninigarilyo, pananakit sa hayop at iba pa.
- Tumutulong sa makakayanang paraan ng pagpapanatili ng kapayapaan. **EsP6PPP-IIIh-i-40**



## Subukin

Basahin ang mga pahayag. Isulat ang **Tama** kung tama ang pahayag at **Mali** kung hindi.

_______ 1. Tratuhin ng tama ang mga hayop gaya ng pagtrato natin sa ating kapwa.

_______ 2. Malaki ang nagiging ambag ng mga hayop sa bawat isa sa atin tulad ng pagbibigay aliw at pagbabantay sa ating tahanan.

_______ 3. Ang paninigarilyo ay mayroong negatibong epekto sa kalusugan ng tao.

_______ 4. Ang kapayapaan ay kalayaan mula sa gulo at hindi pagkakaunawaan.

_______ 5. Ang isang batang katulad mo ay walang magagawa upang mapanatili ang kapayapaan sa ating bansa at sa buong mundo.

| Modyul 8 | Pagtupad sa mga Batas Pambansa at Pandaigdigan |
|---|---|



## Balikan

Isulat ang **tsek** ( ✓ ) kung ang pahayag ay tama at **ekis** ( **x** ) kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

_______1. Dapat na manahimik lamang kapag may mga nakitang nagtatapon ng basura sa mga imburnal o kanal.

_______2. Dapat na isumbong sa Kapitan ng Barangay ang mga basurerong kumukuha lamang ng mga basura kapag sila ay binigyan ng lagay o pera.

_______3. Dapat na gayahin ang mga lumalabag sa batas trapiko upang mapadali sa biyahe.

_______4. Dapat na sasali sa mga *Clean Up Drives* sa paaralan o pamayanan.

_______5. Dapat na paalalahanan ang mga kamag-aral sa pagtawid sa pedestrian lanes.



## Tuklasin

Sa bahaging ito, mapag-aaralan mo ang pagpapatupad ng batas tulad ng pagbabawal sa paninigarilyo, pananakit sa hayop, at ang paraan sa pagpapanatili ng kapayapaan.

Basahin ang mga paalala upang matulungan kang makamit ito.

### Pagbabawal sa Paninigarilyo

Taon taon maraming mamamayan ang namamatay dahil sa paggamit ng sigarilyo. "Stroke", "Hypertension," at kanser ay mga halimbawa ng mga sakit na maaaring makuha ng isang tao sa pamamagitan ng paninigarilyo. Maraming masamang naidudulot ang paninigarilyo kaya ito ay mahigit na ipinagbabawal sa publiko.

**Paalala:**

1. Hangga't maaari iwasan ang paninigarilyo dahil hindi lamang ito nakakasama sa taong gumagamit ngunit pati na rin sa ating kapaligiran at sa ibang tao na nakakalanghap nito.

## Pananakit sa Hayop

Ayon sa Republic Act 8485 (Animal Welfare Act) Sec. 6, mahigpit na ipinagbabawal ang pagmamaltrato at tortyur sa mga hayop kaya dapat bigyan ito ng wastong pangangalaga. Sinumang mapatunayang lumabag dito ay maaaring maparusahan ng pamahalaan.

Narito ang ilan sa mga paalala:

1. Hindi man sila nakakapagsalita pero mayroon din silang damdamin tulad ng mga tao.
2. Mahalagang sundin natin ang RA 8485 o mas kilalang Animal Welfare Act dahil malaki din ang kanilang naitutulong sa atin tulad ng pagbantay sa ating tahanan, nagbibigay aliw, at higit sa lahat naging parte na ng ating pamilya.

## Paraan sa Pagpapanatili ng Kapayapaan

Ang kapayapaan ay tungkol sa pamumuhay nang maayos sa lahat ng mga taong nagpapalibot sa paligid mo. Habang makikita mo ang iyong sariling mga kahulugan ng pagkakaroon ng matiwasay na pag-iral at panlabas na pagpapakita ng isang mapayapang buhay ayon sa iyong paniniwala at pamumuhay, mayroong ilang mga pangunahing kaalaman na pinaninindigan ang pamumuhay sa kapayapaan na hindi mapapansin, tulad ng pagiging hindi marahas, pagiging mapagparaya, paghawak ng simpleng pananaw, at pagdiriwang ng kamangha-manghang buhay.

Narito ang ilan sa mga paalala:

1. Bilang isang kabataan ikaw ay may magagawa upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan, sa iyong tahanan, komunidad, bansa at sa buong mundo.
2. Pagsasabuhay ng mga magagandang katangian ng isang mamamayang Pilipino, tulad ng pagmano, paggamit ng po at opo, at paggalang sa mga nakakatanda.
3. Bilang mag-aaral, dapat ay makilahok ka sa mga pamahalaang pampaaralan, upang maisulong mo ang mga programa at proyektong pangkapayapaan.
4. Makisangkot sa mga isyung panlipunan, at ipahayag ang iyong nararamdaman at suhestyon sa mga problemang hinaharap ng bansa.



## Suriin

Sa bahaging ito, mas mapapalalim pa ang iyong pang-unawa tungkol sa mga batas tulad ng pagbabawal ng paninigarilyo, pananakit sa hayop, at paraan ng pagpapanatili ng kapayapaan.

1. Ano-ano ang mga sakit na maaaring makukuha ng isang tao sa paggamit ng sigarilyo?

___

2. Bakit ipinagbabawal ang paninigarilyo sa publiko?

___

3. Anong batas ang mas kilala bilang Animal Welfare Act?

___

4. Bakit kailangan bigyan ng wastong pangangalaga ang mga hayop?

___

5. Ano ang Kapayapaan?

___

6. Paano ka makakatulong sa payak na paraan sa pagpapanatiling kapayapaan?

___



## Pagyamanin

### Pagtatasa 1

Sumulat ng tatlong talata tungkol sa batas ng pagbabawal sa paninigarilyo, pananakit sa hayop at paraan sa pagpapanatili ng kapayapaan.

**Rubriks sa Pagmamarka ng Isinulat na Talata**

| Mga Batayan | Antas sa Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| 1. Nilalaman | **Malinaw** na naipahayag ang ideya sa isinulat na liham. **Lahat** ng pangungusap na ginamit ay malinaw. | **Hindi masyadong malinaw ngunit may punto** ang pahayag sa liham. **1-2 liham sa mga pangungusap na ginagamit ang hindi malinaw.** | **Malayo** sa paksa ang naisulat na liham. |
| 2. Organisasyon | **Mahusay** ang pagkakasulat ng liham. Naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. May **panimula, katawan at konklusyon.** | **Maayos** ang pagkakasulat ng liham. **1** sa **3** bahagi ng talata ang hindi naipamalas nang wasto | **Hindi maayos** ang pagkakasulat ng liham. Hindi naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. |

## Pagtatasa 2

Isulat ang salitang **Sumasang-ayon** at **Hindi Sumasang-ayon** sa diwang ipinahahayag ng bawat pangungusap.

_______________ 1. Susunod sa patakaran ng bansa.

_______________ 2. Ang Kapayapaan ay nagsisimula sa sarili natin.

_______________ 3. Bigyan ang mga hayop ng tamang pagtatrato at pagpapahalaga.

_______________ 4. Ang mga hayop ay walang damdamin.

_______________ 5. Hindi ipinagbabawal ang paninigarilyo sa publiko.

_______________ 6. Maraming makukuhang sakit ang isang tao kung siya ay gagamit ng sigarilyo.



**Isaisip**

Gumawa ng poster na naglalaman kung anong mangyayari kung susundin natin ang batas tulad ng pagbabawal sa paninigarilyo,at pananakit sa hayop.

**Pagbabawal sa Paninigarilyo**

**Pananakit sa Hayop**

**Rubriks sa Paggawa ng Poster**

Kaugnayan ng Paksa - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - 5

Kaisipang lumulutang - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - 5

Kulay/disenyo - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - 5

Kalinisan - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - 5



## Isagawa

Kumpletuhin ang pahayag.......

Natutuhan ko sa modyul na ito na ________________________.

At sisikapin kong ____________________________________.



## Tayahin

**Gawain 1**

**Panuto:** Tama o Mali. Isulat ang titik **T** kung ang diwa na ipinapahayag ng pangungusap ay tama o titik **M** kung mali.

_____1. Pagrespeto sa opinyon ng kapwa tao.
_____2. Tutulong upang maisakatuparan ang kapayapaan sa mundo.
_____3. Ang paninigarilyo ay mahalaga sa buhay ng tao.
_____4. Laging isipin ang mga benepisyo ng paghinto sa paninigarilyo.
_____5. Ayon sa RA 8485, dapat mabigyan ang lahat ng hayop ng wastong pangangalaga, at maaring maparusahan ang sinumang mapatunayang lumalabag dito.

**Gawain 2**

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Bilugan ang tamang sagot.

1. Ang lahat na nabanggit ay mga paraan sa pagpapanatili ng kapayapaan maliban sa isa. Alin dito?
   a. Magiging isang modelo ako para sa mga kabataan.
   b. Hindi ako gagawa ng ikasisira sa aking kapwa.
   c. Hindi ako susunod sa mga patakaran ng bansa.
   d. Dapat nating alamin ang nangyayari sa buong bansa, hindi lamang ang nasa malapit sa atin.

2. Bakit mahalaga ang pagsunod sa batas ng pagbabawal ng paninigarilyo?
   a. Upang mapanatili ang kalusugan ng tao.
   b. Upang tayo'y magkasakit.

c. Upang magkaroon ng polusyon.
d. Upang magkaroon ng maruming kapaligiran.

3. Ano ang unang batas ng komprehensibong pagtakda sa tama at makataong pangangalaga ng mga mamayan sa lahat ng hayop sa bansa?
a. Republic Act No. 5848
b. Republic Act No. 8485
c. Republic Act No. 8548
d. Republic Act No. 5488


4. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** kasali sa pangangalaga ng hayop?
a. Pakainin ang mga hayop
b. Bigyan ng tamang pagtatrato
c. Pagpapahirap at pagpapamalupit
d. Bigyan ng tamang tahanan

5. Napapanatili ang kapayapaan ng isang bansa sa pamamagitan ng:
a. Magandang kasunduan ng bansang Pilipinas sa ibang bansa.
b. Ang hindi pagsunod sa lahat ng itinakdang batas ng pamahalaan.
c. Ang hindi paggalang sa mga nakatatanda.
d. Ang hindi paggamit ng po at opo.



## Karagdagang Gawain

Isulat sa *loob* ng puso ang inyong saloobin hinggil sa **mabuting** naidudulot ng mga batas (*Pagbabawal ng paninigarilyo, pananakit sa hayop at pagpapanatili ng kapayapaan*) at isulat sa *labas* ang **di-mabuting** naidudulot ng mga batas.



**Susi sa Pagwawasto**

| **SUBUKIN** | **BALIKAN** |
|---|---|
| 1. Tama | 1. X |
| 2. Tama | 2. ✓ |
| 3. Tama | 3. X |
| 4. Tama | 4. ✓ |

**PAGYAMANIN**

**Pagtatasa 2**

| | |
|---|---|
| 1. Sumasang-ayon | 4. Hindi Sumasang-ayon |
| 2. Sumasang-ayon | 5. Hindi Sumasang-ayon |
| 3. Sumasang-ayon | 6. Sumasang-ayon |

| **TAYAHIN –** Gawain **1** | | Gawain **2** | |
|---|---|---|---|
| 1. T | 4. T | 1. C | 4. C |
| 2. T | 5. T | 2. A | 5. A |
| 3. M | | 3. B | |

## Sanggunian


- Peralta,Gloria A. & Ylarde,Zenaida R.(2016) *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*, Batayang Aklat 6, pahina 118-129.



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Raquel M. Cabrales<br>*Teacher III*, Balangasan Central Elementary School<br>City West District, Pagadian City Schools Division |
| **Tagasuri:** | Metushela Ubas - Salac, *Master Teacher – I*<br>Dumagoc Elementary School |
| **Patnugot:** | Jovita A. Dugenia, *Values Education Supervisor* |
| **Tagapamahala:** | Danny V. Cordova, EdD, CESE, *OIC-SDS*<br>Ma. Colleen L. Emoricha, EdD, CESE, *OIC-ASDS*<br>Matt Ranillo Singson, EdD, *OIC-ASDS*<br>Isagani B. Cabahug, *SGOD Chief*<br>Ma. Diosa Z. Peralta, *CID Chief*<br>Ma. Madelene P. Mituda, *LR Supervisor* |

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.